## WEEKLY LEARNING PLAN

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>5</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">1</td><td>Learning Area</td><td>ESP</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">1. Napapahalagahan ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga:<br>1.1. balitang napakinggan<br>1.2. patalastas na nabasa/narinig<br>1.3. napanood na programang pantelebisyon<br>1.4. nabasa sa internet</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>• Nakasusuri ng mga impormasyong nababasa o naririnig bago ito pinaniniwalaan.<br>• Nakagagawa nang tamang pasya ayon sa dikta ng isip o saloobin sa kung ano ang dapat at di dapat.</td><td>Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan</td><td>BALIKAN:<br><br>Sumulat ng isang balita na iyong nabasa o napakinggan, alinman sa<br>pahayagan, facebook page, telebisyon, o radyo. Isipin kung pinaniwalaan mo ba<br>kaagad nang iyo itong nabasa o napakinggan. Ipahayag ang iyong naramdaman<br>ukol dito. Isulat sa talahanayan ang iyong sagot.<br><table><tr><th>Balita</th><th>Pinaniniwalaan mo ba kaagad ito?</th><th>Bakit mo pinaniniwalaan o hindi pinaniniwalaan ang balitang ito?</th></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table><br>TUKLASIN:<br><br>Basahin ang kuwento sa loob ng kahon at sagutin ang mga tanong.<br><br>Para sa Ika uunlad ng Pamayanan<br>Sinulat ni: Marina C. Labatos<br><br>Si Lira ay isang mag-aaral sa ika limang baitang, hindi siya gaanong matalino sa klase at palagi lang siyang kinukutya ng kaniyang mga ka-klase na may kaya sa buhay lalo na si Lita. Kahit hindi matalino si Lira siya ay tinuturing na pangulo sa kanilang klase. Dahil sa kaniyang kasipagan siya ay parating pinipili maging pinuno sa kanilang paaralan sa mga gawaing pampamayanan.<br><br>Dahil sa hindi inaasahang pangyayari sinaktan si Lira ng klase niyang si Lita dahil sa kagustuhan nitong maging pinuno sa kanilang samahan. Napagdesisyonan ni Lira na ibigay nalang ito kay Lita para sa pag-unlad ng kanilang pamayanan at Samahan.<br><br>Tanong:<br>1.Ano ang pangalan ng pangunahing tauhan sa kuwento?<br>________________________________________________<br>________________<br>2. Ano ang problema na hinaharap ng tauhan sa kuwento?<br>________________________________________________<br>_____________<br>3. Ano ang mensahe na ipinahihiwatig ng kuwento?</td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang _______ na makikita sa Modyul ESP 5.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ____________________________________________________ ________________<br>4. Bakit naisipan ni Lira ang ganitong desisyon? ________________<br>____________________________________________________ ________________<br>5. Sang-ayon ka ba o hindi sa desisyon ni Lira? Bakit? ____________________________________________________ ________________ | |
| 2 | • Nakasusuri ng mga impormasyong nababasa o naririnig bago ito pinaniniwalaan.<br>• Nakagagawa nang tamang pasya ayon sa dikta ng isip o saloobin sa kung ano ang dapat at di dapat. | Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan | SURIIN:<br><br>Dapat bang paniwalaan kaagad ang lahat ng ating nababasa o naririnig<br>mula sa mga balita? Bakit kaya kailangang suriin muna natin ang mga ito bago<br>paniwalaan at magpasiya.<br>Ang pagkakaroon nang mapanuring pag-iisip ay isang katangian na<br>maaaring ipagmalaki ng isang tao. Sa lahat, bukod tanging tao ang may<br>pinakanatatanging kasanayang gumamit nang mapanuring pag-iisip. Kabilang na<br>rito ang pagsusuri sa katotohanan at pagkilala sa kung aling bagay ang<br>nakabubuti o nakasasama sa atin.<br>Ang mapanuring pag-iisip ay naipahahayag sa masusing pagtatanong,<br>pagsusuri ng mga kasagutan at pagpili nang wastong sagot bago gumawa ng kahit<br>anomang desisyon. Kailangan na maglaan nang sapat na panahon para masuri<br>ang katotohanan ng mga imporamasyon. Susuriin ito sa pamamagitan nang<br>pagsangguni mula sa lehitimong pinagmulan nito at nang sa gayon ay magkaroon<br>tayo ng tamang kaalaman at pagpapasiya.<br><br>PAGYAMANIN:<br>Basahin ang mga pahayag sa unang kolum. Lagyan ng tsek (✓) ang<br>kolum kung sumasang-ayon ka o di sumasang-ayon sa pahayag. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><th></th><th>Sumasang-ayon</th><th>Di Sumasang-ayon</th></tr>
<tr><td>1. Hindi ipinagkakalat ang anomang usapan na walang patunay o ebidensiya upang di makasuhan.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Dapat suriin muna ang balitang napakinggan bago maniwala.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Ipahayag ang tamang impormasyon.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Mabuting pagninilay sa katotohanan.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5. Magtanong sa kinauukulan at huwag maniwala sa sabi-sabi.</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td>• Nakasusuri ng mga impormasyong nababasa o naririnig bago ito pinaniniwalaan.<br>• Nakagagawa nang tamang pasya ayon sa dikta ng isip o saloobin sa kung ano ang dapat at di dapat.</td>
<td>Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan</td>
<td>PAGYAMANIN:<br><br>A. Isulat ang tsek (✓) sa bilang na tumutugon sa mapanuring pag-iisip<br>batay sa balitang napakinggan sa radyo, nabasa sa pahayagan, o internet at ekis<br>(x) kung hindi mo ito nabigyan ng mapanuring pag-iisip. Gawin ito sa iyong<br>sagutang papel.<br>1. Naipaliliwanag ko nang maayos at may kumpletong detalye ang<br>balita ukol sa pamamahagi ng bigas.<br>2. Naniniwala ako sa balitang aking nabasa tungkol sa mga dahilan<br>ng pagpapasara sa ABS- CBN.<br>3. Naikukumpara ko ang tama at mali sa aking nabasa sa pahayagan<br>o facebook.<br>4. Naiisa-isa ko ang mga tuntunin sa pakikinig sa radyo.<br>5. Naisasagawa ko ang sunod-sunod na pamantayan sa pagbabasa ng<br>balita.<br><br>B. Basahin ang sumusunod na mga pahayag. Isulat ang titik nang napili<br>mong sagot sa iyong sagutang papel at ipaliwanang kung bakit ito ang iyong napili.<br>1. Narinig mo sa iyong kapitbahay na mayroong darating na malakas na<br>lindol sa inyong lugar. Ano ang nararapat mong gawin?<br>A. Ibalita kaagad ang narinig.<br>B. Suriin muna kung totoo ang balita.<br>C. Maghanda kaagad sa paparating na lindol.<br>D. Aalis kaagad sa inyong lugar.<br>Bakit? ______________________________________<br>2. Ano ang dapat gawin kung makarinig ng balita sa telebisyon man o<br>pahayagan?<br>A. Maniwala kaagad.<br>B. Isangguni sa kainauukulan ang narinig.<br>C. Ipagkalat kaagad ang balita.<br>D. Balewalain ang balita.<br>Bakit?______________________________________<br>3. Narinig mo sa radyo ang balita na mayroong asong ulol na nangangagat</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ng mga bata na nagiging sanhi ng kanilang pagkamatay dahil sa rabies.<br>Paano mo ito ibabahagi?<br>A. Ipaalam ang balita sa punong barangay.<br>B. Balewalain ang narinig na balita.<br>C. Hayaan lang ang balita.<br>D. Hayaan ang iba na makaalam nito.<br>Bakit?____________________________________________________<br>4. Alin sa mga sumusunod ang magandang balita?<br>A. Ang alitan ng pangulo at mga kinatawan ng Senado.<br>B. Ang pag-aagawan ng teritoryo.<br>C. Ang pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.<br>D. Ang lindol na naganap sa Batangas.<br>Bakit?____________________________________________________<br>5. Sa pagbabalita pawang ______ lamang ang dapat manaig upang<br>magkaroon nang maayos na pamayanan.<br>A. katotohanan<br>B. kasinungalingan<br>C. katapangan<br>D. karangyaan<br>Bakit?____________________________________________________ | |
| 4 | • Nakasusuri ng mga impormasyong nababasa o naririnig bago ito pinaniniwalaan.<br>• Nakagagawa nang tamang pasya ayon sa dikta ng isip o saloobin sa kung ano ang | Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan | ISAGAWA:<br><br>Sumulat ng sariling pahayag kung paano mo mapahahalagahan ang<br>katotohanan sa mga balitang iyong nababasa o napakikinggan. Isulat sa sagutang<br>papel ang iyong sagot.<br>____________________________________________________<br>____________________________________________________<br>____________________________________________________<br>____________________________________________________<br>____________________________________________________<br>____________________________________________________<br>____________________________________________________ | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | dapat at di dapat. | | | |
| 5 | • Nakasusuri ng mga impormasyong nababasa o naririnig bago ito pinaniniwalaan.<br>• Nakagagawa nang tamang pasya ayon sa dikta ng isip o saloobin sa kung ano ang dapat at di dapat. | Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan | TAYAHIN:<br><br>Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang Oo kung nagpapakita ang pangungusap nang mapanuring pag-iisip, Hindi naman kung wala. Ipaliwanag ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.<br>1. Nagbabasa ng aklat at magasin na nakadaragdag sa iyong kaalaman at kakayahan.<br>______________________________________________<br>__________________________________<br>2. Naniniwala kaagad sa patalastas na napanood o narinig.<br>______________________________________________<br>_________________________________<br>3. Inihahambing ang balita o mensaheng nabasa sa facebook at sa pahayagan.<br>______________________________________________<br>__________________________________<br>4. Napipili ang mga pelikula at programang hatid ay kaalaman at aral sa buhay.<br>______________________________________________<br>__________________________________<br>5. Nakapagsasaliksik sa agham at teknolohiya para sa takdang-aralin.<br>______________________________________________<br>__________________________________ | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina _____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 5 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | FILIPINO |
| **MELCs** | **Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. natutukoy mo ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto; | Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto | BALIKAN:<br><br>Nakahanda ka na ba sa susunod nating gagawin? Kakaiba ito dahil tayo ay maglalakbay-diwa. Kailangan sa gawaing ito ay nakatutok ka sa ating gagawin. Walang anumang makagagambala. Humanap ng isang lugar sa inyong tahanan para gawin ang gawaing ito. Tara na! Simulan na natin!<br><br>Lakbay Diwa: Pumikit ka sandali at huminga nang malalim. Pakinggan mong mabuti ang ingay sa iyong paligid. Pakinggan ang tibok ng iyong puso at paghinga. Isipin ang iyong pamilya. Pumili ng isang pangyayaring hindi mo malilimutan kasama ang iyong pamilya. Isipin ang bawat detalye nito.<br><br>TUKLASIN:<br>Maraming pangyayari ang nagaganap sa araw-araw na hindi natin kontrolado. Maaaring ito ay maganda o hindi maganda, inaasahan at kagulat-gulat. Pero, ang kaya nating kontrolin ay ang ating reaksyon sa mga pangyayaring ito. Halimbawa, habang naglalaro ka kasama ng iyong mga kaibigan ay biglang may nang-asar sa iyo. Kaya mong kontrolin na hindi magalit kundi makipagkaibigan sa nangaasar sa iyo. Tulad na lamang ng bata sa ating tula na pinamagatang "Ang Batang si Marikit". | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 5.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Ang Batang si Marikit**<br><br>Ang batang si Marikit ay tunay na kaakit-akit<br>Bilog ang mukha at nakangiting palagi<br>Masayang kasama at di nagpapahuli<br>Sa pagsunod sa mga tamang alituntunin lagi.<br>Maaasahan si Marikit sa lahat ng gawain<br>Kung kaya naman mga guro at kaklase sa paaralan<br>Bukambibig ang kaniyang pangalan<br>At hinahangaan ng marami.<br>Si Marikit ay mabait at katangi-tangi<br>Sapagkat sa kaniyang isip ay maging masunurin palagi<br>Para mapag-ingatan ang inaasam at hangaring nasa isip<br>Na sa gitna ng kahirapan ay magkaroon ng buhay na kayganda at kaybuti.<br>Siya'y handang magtiis dahil nasa kaniyang isip<br>Dadating ang magagandang bagay sa buhay na iyong hinihingi<br>Kung ang tao ay magpapakabait at mananatiling masunurin<br>Sa lahat ng kanyang paggawa maging sa pag-iisip<br>Tiyak na matutugunan ang kasaganahan at kaginhawaang pinakamimithi.<br><br>*- Gesille G. Grande, Sabang Central Elementary School, DepEd Borongan City Division*<br><br>Ang tulang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting kalooban. Ito ay isang patunay lamang na kapag may ipinapakita kang kabutihan sa iyong kapwa, makikita ito at mangingibabaw sa lahat.<br>Sige nga sagutin mo ang sumusunod na mga tanong.<br>1. Sino ang pangunahing tauhan sa binasang tula?<br>2. Ano ang angking niyang ugali?<br>3. Paano mo mailalarawan ang batang babae sa tula?<br>4. Bakit siya minamahal ng mga tao?<br>5. Bilang isang mag-aaral, nararapat bang tularan ang angking niyang ugali? Bakit?<br>6. Nasubukan mo na bang maging mabait at masunurin? Sa paanong paraan? Iugnay ang sagot sa sariling karanasan. | |
| 2 | 1. natutukoy mo ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto; | Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto | SURIIN:<br>Mahusay ang pagsagot mo sa mga tanong kanina. Naglista ako ng mga pangyayari sa ating paligid. Nais kong suriin mo kung ano ang iyong naiisip sa sumusunod na mga sitwasyon:<br>1. Ayon sa Department of Health (DOH), ang bilang ng mga batang malnourished o may mahina at payat na pangangatawan ay patuloy na dumarami dala ng kahirapang nararanasan ng bansa.<br>2. Kumain ng pagkaing masustansya. Kung panay karne ang iyong kinakain ay bawasan muna ito, sa halip, kumain ng mga gulay at prutas. Ito ay may fiber na makatutulong upang malinis ang iyong katawan. Ang pagkain ng junk food ay | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | makadaragdag lamang ng timbang at lalong makapagpapataas ng stress sa katawan.<br>3. Ugaliing magpahinga at i-relaks ang katawan. Madalas ay napakaraming takdang-aralin at mga gawaing dapat na tapusin. Sa sandaling makatapos ng isang gawain ay ipahinga ang katawan upang manumbalik ang lakas ng katawan at isip. Maaaring maligo ng maligamgam na tubig. Maaari ring bumulong ng maikling panalangin at damhin ang kasiyahan at kapayapaang nararamdaman ng kalooban.<br>4. Si Nick ay ipinanganak nang walang braso at binti. Naging mahirap sa kanyang magulang at maging sa kanyang sarili na maunawaan at tanggapin ang nasabing kalagayan. Ngunit sa paglipas ng panahon ay maliwanag nilang nakita ang magandang dahilan o plano ng Diyos kung bakit nangyari ang ganito sa kanyang buhay.<br>5. Isang magsasaka si Mang Berto. Bawat araw ng kaniyang gawain ay isinasaisip niya ang kapakanan ng mga taong tumatangkilik ng kaniyang produktong gulay. Dahil sa palasak na paglalagay ng kemikal sa mga produkto ngayon, hindi siya gumagamit ng anumang pestisidyo. Sa halip, organikong pataba ang ginagamit niya gaya ng dumi ng kalabaw, mga nabubulok na balat ng saging, gulay, at iba pa, kaya lubos na kilala siya bilang Mang Berto Organiko. | |
| 3 | 2. naiuugnay mo ang sariling karanasan mula sa napakingganng teksto; at | Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto | PAGYAMANIN:<br>Huminga ka muna kaibigan. Alam ko na maraming gawain na ang ating pinagdaanan. Tara maglaro na muna tayo! Nalaro mo na ba ang ang mga ito?<br>A. Taguan Pung<br>B. Bato-bato Pik<br>C. Sawsaw suka<br>D. Langit lupa<br>Naku! Madalas kong nilalaro iyan noon sa kalye. Kaso, dahil | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | sa pandemya, pinagbawalan na<br>tayong maglaro sa kalye. Naalala<br>mo<br>pa ba ang mga sinasabi tuwing<br>maglalaro niyan? Kunwari,<br>maglalaro tayo. Sabay nating<br>banggitin ang mga sinasabi tuwing<br>maglalaro niyan, habang pinapagana<br>ang ating imahinasyon. Tara!<br>Maglaro na tayo.<br>1. Tagu-taguan<br>Maliwanag ang buwan,<br>Masarap magtago sa diliman<br>Pagkabilang ko ng tatlo nakatago na<br>kayo.<br>Isa, dalawa, tatlo!<br>2. Bato-bato..pik!<br>3. Sawsaw suka! Mahuli taya!<br>4. Langit-lupa impiyerno.<br>Saksak puso,<br>Tulo ang dugo.<br>Patay, Buhay<br>Umalis ka na diyan.<br>Anong nararamdaman mo tuwing<br>naglalaro ka niyan?<br>May hindi ka ba malilimutang<br>karanasan sa paglalaro<br>niyan? Ikuwento mo naman. | |
| 4 | 3.<br>nabibigyan<br>g-halaga<br>mo ang<br>pag-uugnay<br>ng sariling<br>karanasan<br>sa<br>napakingga<br>ng<br>teksto. | Pag-uugnay<br>ng Sariling<br>Karanasan<br>sa<br>Napakingga<br>ng<br>Teksto | ISAISIP:<br>Ilang sandali na lamang ay<br>matatapos mo na ang unang<br>paglalakbay sa baitang lima.<br>Ngayon pa lang ay binabati na kita<br>sa<br>pagsunod mo sa mga gawain natin.<br>May payo ako sa iyo kaibigan.<br>Palaging isaisip na lahat ng<br>pangyayari sa ating paligid ay<br>magkakaugnay. Anuman ang iyong<br>estado<br>sa buhay. Anuman ang iyong naiisip<br>at nadarama. Ang mahalaga ay<br>kung paano ka magbigay ng<br>reaksiyon sa mga pangyayaring ito.<br><br>ISAGAWA:<br>Kumpletuhin ang mga pahayag: | Gawain sa Pagkatuto<br>Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay<br>makikita sa pahina<br>____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Natutuhan ko na<br>_________________________________<br>_____.<br>Sisikapin kong<br>_________________________________<br>__ | |
| 5 | 3. nabibigyang-halaga mo ang pag-uugnay ng sariling karanasan sa napakinggang teksto. | Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto | TAYAHIN:<br>Basahin at unawaing mabuti ang mga susunod na tanong. Piliin ang angkop na kaisipan sa mga sitwasyon sa bawat bilang. Isulat ang letra ng iyong sagot sa papel.<br>1. Nakita mo ang isang batang naglalakad sa kalye at walang kasama.<br>Ano ang iyong gagawin?<br>a. Tatanungin ang pangalan ng bata kung taga-saan siya.<br>b. Hahayaan ang bata sa paglalakad.<br>c. Ipagbibigay alam ang nakita sa kapitan ng barangay.<br>d. Ihahatid ang bata sa bahay ng kanyang mga magulang.<br>2. Nais mong makapasa sa pagsusulit. Ano ang gagawin mo?<br>a. Hindi mag-aaral ng leksiyon.<br>b. Manonood na lang ng mga palabas.<br>c. Mag-aaral nang mabuti.<br>d. Mangongopya sa katabing kaklase.<br>3. Oras na ng uwian at nakita mong inilagay lang ng kaklase mo ang kanyang mga basura sa ilalim ng kanyang upuan, sa halip na itapon ang mga ito sa tamang lalagyan. Bilang isang mabuting mag-aaral, ano ang nararapat mong gawin?<br>a. Isusumbong ko ang ginawa niya sa aming guro.<br>b. Sasawayin ko siya at pagsasabihan na itapon ang mga basura sa tamang lalagyan.<br>c. Hindi ako magsusumbong at hahayaan na lamang ang kaniyang ginawa. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | d. Pupulutin ko na lamang ang basura at itatapon sa tamang lalagyan.<br>4. Napansin mong umiiyak ang iyong kaklase dahil wala siyang baon.<br>Ano ang gagawin mo?<br>a. Bibigyan ko siya ng pagkain.<br>b. Hahayaan ko siyang umiyak.<br>c. Pagsasabihan ko siya na huwag mag-ingay.<br>d. Bibigyan ko siya ng pera.<br>5. Sinira ng nagdaang bagyo ang inyong bahay. Upang maiwasang maranasan niyo itong muli ngayong may paparating na namang bagyo, ano ang magagawa mo bilang isang bata?<br>a. Maaari akong tumulong sa pamamagitan ng pag-abot ng kakailanganin sa paghahanda gaya ng panali, martilyo at iba pa.<br>b. Uupo lang ako sa isang tabi kasi wala naman akong kayang gawin dahil maliit lang ako.<br>c. Makikipaglaro sa mga kaibigan sa labas ng bahay.<br>d. Ibalita sa buong barangay ang paparating na bagyo. | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>5</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">1</td><td>Learning Area</td><td>AP</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Naipaliliwanag ang kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>makapagpapaliwanag sa kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan.</td><td>Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan</td><td>BALIKAN:<br>Panuto: Isulat ang T kung ang pahayag ay tama at M naman kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Ang Pilipinas ay isang bansa.<br>2. Hindi malaya ang Pilipinas kaya hindi ito isang bansa.<br>3. Ang Asya ang pinakamalaking kalupaan o lupalop sa buong daigdig.<br>4. Tao, teritoryo, at pamahalaan lamang ang kailangan para maging isang ganap na bansa.<br>5. Ang Pilipinas ay tinatawag na Perlas ng Silangan.<br><br>TUKLASIN:<br><br>Panuto: Gamit ang compass at mapa sa ibaba, hanapin at bilugan ang isla at mga dagat o karagatang matatagpuan sa iba’t ibang direksyon ng Pilipinas. Isulat kung saang direksyon mula sa Pilipinas ito matatagpuan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br><br><br>Source: "Southeast Asia. 2003. - PICRYL Public Domain Search". PICRYL. https://picryl.com/media/southeast-asia-2.<br>Legend:<br>H- Hilaga HS- Hilagang Silangan S-Silangan TS- Timog Silangan<br>T- Timog TK- Timog Kanluran K- Kanluran HK- Hilagang Kanluran<br><br><table><tr><th>Isla/Dagat o Karagatan</th><th>Direksyon mula sa Pilipinas</th></tr><tr><td>Halimbawa: Taiwan</td><td>Hilaga</td></tr><tr><td>1. Dagat Pilipinas o Philippine Sea</td><td></td></tr><tr><td>2. Kipot ng Luzon o Luzon Strait</td><td></td></tr><tr><td>3. Dagat Celebes o Celebes Sea</td><td></td></tr><tr><td>4. Dagat Timog Tsina o South China Sea</td><td></td></tr><tr><td>5. Moluccas</td><td></td></tr></table></td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 5 Ika-apat na Markahan.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td></tr>
<tr><td>2</td><td>makapagpapaliwanag sa kaugnayan ng lokasyon sa paghubog</td><td>Kaugnayan ng Lokasyon sa</td><td>TUKLASIN:<br>Panuto: Isulat ang salitang TAMA kung ang bawat pahayag ay nagsasaad ng katotohanan at MALI naman kung hindi nagsasaad ng katotohanan.<br>_______________ 1. Dahil sa estratehikong lokasyon ng Pilipinas, malaki ang naitulong nito</td><td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng kasaysayan. | Paghubog ng Kasaysayan | sa paghubog ng kasaysayan ng Pilipinas maging ng buong mundo.<br>_______________ 2. Naging madali ang migrasyon ng mga katutubo dahil malapit lang ang<br>Pilipinas sa kalupaang Asya.<br>_______________ 3. Dahil sa Spice Island o Moluccas na hinahanap ng mga Europeo,<br>natuklasan nila ang ating bansa.<br>_______________ 4. Natuklasan ng mga Amerikano ang magandang lokasyon ng bansa<br>kaya sinakop tayo at nagtayo ng mga base militar dito.<br>_______________ 5. Ginamit ng Hapones ang magandang lugar ng Pilipinas para<br>paghandaan ang kanilang pagtatayo ng imperyo sa Asya maging sa<br>buong mundo.<br><br>SURIIN:<br>Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog-Silangang Asya. Ito ay nasa pagitan ng mga<br>latitud 4°23' at 21°25' sa Hilaga at sa pagitan ng mga longhitud 116°00' at 127°00' sa Silangan.<br>Tinatawag itong arkipelago dahil ito'y binubuo ng mga malalaki at maliliit na pulo at napapalibutan<br>ng tubig o karagatan. Makikita sa silangang bahagi ang Philippine Sea at Karagatang Pasipiko,<br>Dagat Celebes sa timog, Timog Dagat Tsina o tinatawag ding Kanlurang Dagat ng Pilipinas sa<br>kanluran at ang Bashi Channel sa Kipot ng Luzon sa Hilaga. Tinatayang may mahigit sa 7,641<br>mga pulo ang Pilipinas at nahahati ito sa tatlong pangunahing mga pulo ng Luzon, Visayas, at<br>Mindanao.<br>Napakahalaga ang lokasyon ng Pilipinas bilang isang bansa. Ang estratehikong lokasyon<br>nito ay may malaking kinalaman sa paghubog ng kasaysayan. Malapit ang Pilipinas sa kalupaang<br>Asya kaya napadali ang migrasyon ng mga katutubong Negritos, Indones at Malay at iba pang<br>pinaniniwalaang mga unang taong nanirahan sa bansa. Ang lokasyon ng Pilipinas ay naging<br>bentahe sa mabilis na pag-unlad ng kalakalan sa mga kalapit-bansa nito gaya ng China, India,<br>Japan, at Saudi Arabia. Ang Pilipinas ang naging sentro ng pamamahagi ng iba't ibang produkto<br>mula sa Timog-Silangang Asya dahil daanan ito ng mga sasakyang pandagat buhat sa maraming<br>panig ng mundo. Bunga nito, umunlad din ang ekonomiya ng bansa pati na rin ang kultura nito.<br>Malapit ang Pilipinas sa islang tinatawag na Spice Islands o Moluccas na hinahanap ng mga<br>Europeo para kumuha ng mga rekado o pampalasa. Ito ay nagbigay-daan sa pagdating ng mga<br>Espanyol sa bansa. Dahil dito, nagka interes ang mga Europeo lalo na ang Espanya sa pagsakop<br>ng Pilipinas at nabago ang ating paniniwala mula sa pagiging pagano ay ipinakilala ang relihiyong<br>Kristiyanismo partikular ang paniniwalang Katoliko.<br>Hindi lang Espanya ang nakinabang sa magandang lokasyon ng ating bansa. Maging ang<br>bansang Amerika ay may malaki ring ambag sa paghubog ng ating kasaysayan dahil sa ating<br>lokasyon sa mapa. Sinakop tayo ng mga Amerikano at nagtayo sila ng mga pangkaligtasang | sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |





<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>base militar laban sa pagsalakay ng mga bansa sa silangan.<br>Ginamit ng mga Amerikano ang mga<br>base militar bilang arsenal o imbakan ng mga kagamitang pandigma at dito rin ay nagsasanay<br>sila. Ang Pilipinas ay naging taga tustos o ang suplayer ng mga hilaw na materyal ng bansang<br>Amerika kapalit ang proteksyon o pagiging alyado natin sa kanila.<br>Naging malaki rin ang impluwensya ng lokasyon ng Pilipinas noong panahon ng mga<br>Hapones. Dahil sa estratehikong lugar ng Pilipinas ay sinakop din nila tayo para mapadali ang<br>kanilang pagtatag ng emperyo sa buong Asya o saan mang bahagi ng daigdig. Ang estratehikong<br>lokasyon ng Pilipinas ay naging batayan para maging sentro ng komunikasyon at transportasyon<br>at mga gawaing pangkabuhayan ang Pilipinas. May mga barko at eroplano ang tumitigil muna<br>sa Pilipinas bago magpatuloy sa paglalakbay sa iba’t ibang bansa sa Asya maging sa Australya.<br>Sa aspektong kultural ay sinasabing ang Pilipinas ay sentro ng pinaghalong kultura ng<br>mga bansang kanluran at silangan. Nakasalamuha ng ating mga ninuno ang iba’t ibang bansa sa<br>Asya at ibang mga kontinente dala ang mayamang kaugalian, industriya, edukasyon at iba pa.<br>Malaki ang papel na ginampanan ng lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng ating kasaysayan at<br>ang patuloy na pag-usbong ng lahing Pilipino.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td>makapagpapaliwanag sa kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan.</td>
<td>Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan</td>
<td>PAGYAMANIN:<br>Panuto: Maglaro ng Loop a Word: Bilugan sa loob ng kahon ang salitang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.
<table>
<tr><td>W</td><td>E</td><td>R</td><td>T</td><td>Y</td><td>U</td><td>I</td></tr>
<tr><td>J</td><td>K</td><td>L</td><td>Q</td><td>W</td><td>S</td><td>E</td></tr>
<tr><td>F</td><td>G</td><td>H</td><td>K</td><td>A</td><td>T</td><td>O</td></tr>
<tr><td>Z</td><td>X</td><td>C</td><td>V</td><td>B</td><td>R</td><td>N</td></tr>
<tr><td>R</td><td>W</td><td>E</td><td>R</td><td>T</td><td>A</td><td>Y</td></tr>
<tr><td>H</td><td>S</td><td>D</td><td>F</td><td>G</td><td>T</td><td>H</td></tr>
<tr><td>A</td><td>R</td><td>K</td><td>I</td><td>P</td><td>E</td><td>L</td></tr>
<tr><td>P</td><td>W</td><td>Q</td><td>O</td><td>J</td><td>H</td><td>D</td></tr>
<tr><td>O</td><td>D</td><td>E</td><td>P</td><td>K</td><td>I</td><td>F</td></tr>
<tr><td>N</td><td>S</td><td>W</td><td>A</td><td>L</td><td>K</td><td>G</td></tr>
<tr><td>S</td><td>G</td><td>R</td><td>S</td><td>Z</td><td>O</td><td>H</td></tr>
<tr><td>F</td><td>T</td><td>T</td><td>D</td><td>X</td><td>N</td><td>J</td></tr>
<tr><td>G</td><td>Y</td><td>Y</td><td>F</td><td>C</td><td>M</td><td>K</td></tr>
<tr><td>H</td><td>U</td><td>U</td><td>G</td><td>V</td><td>Q</td><td>L</td></tr>
<tr><td>J</td><td>I</td><td>I</td><td>H</td><td>B</td><td>W</td><td>N</td></tr>
</table>
1. Anyong lupa na binubuo ng mga malalaki at maliliit na pulo at napapalibutan ng tubig.<br>2. Ang islang hinahanap ng mga Europeo na naging daan sa pagkakatuklas sa ating bansa.<br>3. Tawag sa magandang lokasyon ng Pilipinas kaya naging tagpuan ito ng kulturang Kanluranin<br>at Silangan.</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 4. Bansang nagtatag ng mga base militar sa Pilipinas<br>5. Ang bansa ang nagbalak magtayo ng imperyo sa Asya kaya sinakop nito ang Pilipinas. | |
| 4 | makapagpapaliwanag sa kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan. | Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan | ISAGAWA:<br><br>Panuto: Isulat ang salitang TAMA kung ito'y nagpapaliwanag sa lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng kasayasayan at MALI kung hindi ito nagsasaad ng katotohanan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.<br>1. Kabilang ang bansang Pilipinas sa rehiyon ng Silangang Asya.<br>2. Nasa 4°23' at 21°25' hilagang latitud at 116°00 at 127°00 silangang ang tiyak o absolute na<br>lokasyon ng Pilipinas sa mapa.<br>3. Tinatawag na arkipelago ang Pilipinas dahil ito ay binubuo ng maliliit at malalaking kapuluan<br>na napapalibutan ng kabundukan.<br>4. Maraming mga karatig bansa ang nakipagkalakalan sa Pilipinas noong unang panahon.<br>5. Ang islang Spice Islands o Moluccas ang hinahanap ng mga Europeo na naging daan para matuklasan ang Pilipinas. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 5 | makapagpapaliwanag sa kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan. | Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan | TAYAHIN:<br>Panuto: Sanhi at Bunga: Pagparisin ang mga magkakaugnay na mga pahayag para maipaliwanag kung paano ang lokasyon ng bansa ay may kinalaman sa paghubog ng ating kasaysayan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwaderno. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **SANHI**<br>1. Estratehikong lokasyon ng Pilipinas<br>2. Paghahanap ng Isla ng Moluccas<br>3. Pananakop ng mga Espanyol<br>4. Pananakop ng mga Amerikano<br>5. Pananakop ng mga Hapones<br><br>**BUNGA**<br>A. Naging malaya ang Pilipinas sa mga dayuhan<br>B. Naging sentro at tagpuan ang Pilipinas ng kultura, ekonomiya at iba pa ng mga bansang Kanluranin<br>C. Napalitan ang paniniwalang pagano patungong Kristiyano o Katoliko<br>D. Nagtatag ng mga base militar at naging suplayer ang Pilipinas ng mga hilaw na materyal<br>E. Pinaghahandaan nila ang pagtatag ng imperyo sa Asya at sa buong mundo<br>F. Nadiskubre ang Pilipinas ng mga Europeo | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 5 |
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | ENGLISH |
| **MELCs** | **Fill-out forms accurately (school forms, deposit and withdrawal slips, etc.)** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | • fill out forms accurately and<br>• appreciate the importance of filling out forms accurately | Filling out Forms Accurately (school forms, deposit slips, and withdrawal slips) | A. Review of the lesson<br><br>Directions: Fill out the form below. Complete it by using the possible answers<br>found inside the box. Use the form provided to you.<br><br>**Student Personal Information**<br>Name: ____________<br>Grade & Section: ________ Age: ____ Sex: ________<br>Teacher: ____________<br>Address: ____________<br>Birthday: ________ Country: ________<br>School: ____________<br><br>Royce L. Cabrera Male Ms. Rina B. Macaraig<br>Grade V- Maagap December 25, 2010<br>Catbalogan City, Samar San Roque Elementary School<br>Philippines 10<br><br>B. Directions: Examine the forms below and then identify each. Pick your answer<br>from the choices inside the box. Write it on your answer sheet. | Answer the Learning Tasks found in ENGLISH 5 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *cash deposit slip* *school form*<br>*withdrawal slip*<br>1.  2. <br>3.  | |
| 2 | • fill out forms accurately and<br>• appreciate the importance of filling out forms accurately | Filling out Forms Accurately (school forms, deposit slips, and withdrawal slips) | C. Directions: Examine closely the completed (filled out) forms and the required information that was supplied in each form. Using a Venn diagram, write down the similarities and differences of the forms based on the required information in filling it out. Do this on your answer sheet.<br> <br><br>D. A deposit slip is a small paper form that a person includes with a bank deposit to show how much money he or she is putting in a bank account. It contains the deposit date, name and bank account number of the depositor, and the amount to be deposited in the form of checks or cash, and the signature of the depositor. | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page _____)<br>File created by DepEdClick |

Specifically, a person who deposits or places money in a bank account is called
a depositor.
How to Fill out a Deposit Slip
1. First, write your name and bank account number.
2. Then, supply additional details, such as transaction date and any branch
information required.
3. List the cash amount breakdown of your deposit and the total amount
thereafter.
4. Affix your signature over printed name found on the lower part of the form.


**ABC** Bank **CASH DEPOSIT SLIP**

**Teller's Validation**

**ABC** Bank **CASH DEPOSIT SLIP**

**Date:** ________ **Currency** ___ **Peso** ___ **US Dollar** **Type of Account** ___ **Savings** ___ **Current**

**Account Number**

___ ___ ___ ___ - ___ ___ ___ ___ - ___ ___

**Account Name**



**CASH DEPOSIT BREAKDOWN**

| Denomination | Pieces | Amount |
|---|---|---|
| 1, 000.00 | 2 | 2, 000 |
| 500.00 | 1 | 500 |
| 200.00 | | |
| 100.00 | 5 | 500 |
| 50.00 | | |
| 20.00 | | |
| 10.00 | | |
| 5.00 | | |
| 1.00 | | |

Total Cash Deposit 3, 000.00
Signature of Depositor/Representative (Print name)

This deposit is made and accepted subject to the conditions printed on the reverse side and on the rules and regulations governing savings & current deposit accounts.

On the other hand, a withdrawal slip is a small paper form which has to be
filled out before making a withdrawal of money from a bank. After filling out the bank
slip, a person signs on it in the presence of a bank teller. A bank teller is an employee
of the bank whose job is to help bank customers with their banking needs, such as
depositing checks or cash or making a withdrawal.
How to Fill out a Withdrawal Slip
1. First, write your name and the date.
2. Then, write the desired amount of your withdrawal in words and in figures.
3. Finally, affix your signature on the signature line found on the form, but do
this only until a bank teller can witness you signing it.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br>**ABC** Bank WITHDRAWAL SLIP<br>Teller's Validation<br>Date: ________ Currency ___ Peso ___ US Dollar<br>Account Number<br>__ __ __ __ - __ __ __ __ - __ __<br>Account Name<br>______________________<br>Amount in Words<br>______________________<br>____________ ( ) in Figures<br>I/We hereby declare under the penalties of perjury that my/our co-depositor(s) is/are still living.<br>PERSONAL WITHDRAWAL<br>Signature of Depositor(s)/Co-Depositor(s)<br>1. __________ 2. __________<br>FOR BANK'S USE ONLY<br>Signature Verified by: Approved by: Posted by:<br>Payment Received by:<br>Please present Passbook/ATM with this withdrawal slip | |
| 3 | • fill out forms accurately and<br>• appreciate the importance of filling out forms accurately | Filling out Forms Accurately (school forms, deposit slips, and withdrawal slips) | E. Directions: Fill out a withdrawal slip using the suggested information found in the box. Use the form provided to you.<br><br>**ABC** Bank WITHDRAWAL SLIP<br>Teller's Validation<br>Date: ________ Currency ___ Peso ___ US Dollar<br>Account Number<br>__ __ __ __ - __ __ __ __ - __ __<br>Account Name<br>______________________<br>Amount in Words<br>______________________<br>____________ ( ) in Figures<br>I/We hereby declare under the penalties of perjury that my/our co-depositor(s) is/are still living.<br>PERSONAL WITHDRAWAL<br>Signature of Depositor(s)/Co-Depositor(s)<br>1. __________ 2. __________<br>FOR BANK'S USE ONLY<br>Signature Verified by: Approved by: Posted by:<br>Payment Received by:<br>Please present Passbook/ATM with this withdrawal slip<br><br>• July 1, 2020<br>• 1234567891<br>• Criselda V. Castillo<br>• Ten Thousand Pesos<br>• P 10,000.00 | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page _____) |
| 4 | • fill out forms accurately and | Filling out Forms Accurately | F. Directions: Read the selection about Ana and her Grandma. Help your friend, Ana, by completing the withdrawal slip for her grandma. Use the form provided to you. | Learning Task No. 4: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • appreciate the importance of filling out forms accurately | (school forms, deposit slips, and withdrawal slips) | **Off to the Bank**<br><br>Hi, my name is Ana. I will accompany my Grandma to the bank today. Grandma told me that we have to drop by the bank before going to the mall to buy me a birthday present. Today is May 28, 2020 and two days from now I will be turning 10!<br>Grandma needs money for the birthday present. Today, she will get 3,000 pesos from her bank account. She will have to complete a form and she calls it a withdrawal slip. Can you help Grandma complete the form, so that we can have the money for my birthday present? Yehey! Thank you.<br>Don't forget to leave the depositor's signature line empty, so that Grandma can sign it.<br>Here's Grandma's bank information.<br>Name : Linda Cruz<br>Account Number : 0977 4444 88<br><br>**ABC** Bank **WITHDRAWAL SLIP**<br>**Teller's Validation**<br>**Date:** ________ **Currency** ___ **Peso** ___ **US Dollar**<br>**Account Number**<br>__ __ __ __ - __ __ __ __ - __ __<br>**Account Name**<br>________________________________<br>**Amount in Words**<br>________________________________<br>________________________ ( ) in Figures<br>**I/We hereby declare under the penalties of perjury that my/our co-depositor(s) is/are still living.**<br>**PERSONAL WITHDRAWAL**<br>**Signature of Depositor(s)/Co-Depositor(s)**<br>1. ______________ 2. ______________<br>**FOR BANK'S USE ONLY**<br>Signature Verified by: Approved by: Posted by:<br>Payment Received by:<br>**Please present Passbook/ATM with this withdrawal slip** | (This task can be found on page ____) |
| 5 | • fill out forms accurately and<br>• appreciate the importance of filling out forms accurately | Filling out Forms Accurately (school forms, deposit slips, and withdrawal slips) | G. Assessment<br>Directions: You have a savings bank account and you want to put an amount of 2, 000 pesos into it, with the following cash breakdown: two five hundred-peso bills and ten one hundred-peso bills. Using the bank account number 0344- 5555- 22, complete a cash deposit slip. Fill out the form provided to you. | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **ABC** Bank **CASH DEPOSIT SLIP**<br><br>**Teller's Validation**<br><br>**ABC** Bank **CASH DEPOSIT SLIP**<br>**Date:** _________ **Currency** ___ **Peso** ___ **US Dollar** **Type of Account** ___ **Savings** ___ **Current**<br>**Account Number**<br>___ ___ ___ ___ - ___ ___ ___ ___ - ___ ___<br>**Account Name**<br><br>**CASH DEPOSIT BREAKDOWN**<br>Denomination Pieces Amount<br>1, 000.00<br>500.00<br>200.00<br>100.00<br>50.00<br>20.00<br>10.00<br>5.00<br>1.00<br>Total Cash Deposit<br>Signature of Depositor/Representative (Print name)<br><br>This deposit is made and accepted subject to the conditio printed on the reverse side and on the rules and regulatio governing savings & current deposit accounts. | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 5 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 1 | | **Learning Area** | MATH |
| **MELCs** | **Uses divisibility rules for 2, 5, and 10 to find the common factors of numbers.**<br><br>**Uses divisibility rules for 3, 6, and 9 to find common factors.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. list down factors of numbers divisible by 2, 5, and 10;<br>2. use divisibility rules for 2, 5, and 10 to find common factors of numbers; and<br>3. appreciate the use of divisibility rules to find common factors of numbers. | Divisibility Rules for<br>2, 5, and 10 | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in MATH 5 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | 1. list down factors of numbers divisible by 2, 5, and 10;<br>2. use divisibility rules for 2, 5, and 10 to find common factors of numbers; and<br>3. appreciate the use of divisibility rules to find common factors of numbers. | Divisibility Rules for<br>2, 5, and 10 | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | 1. identify numbers that are divisible by 3, 6 and 9;<br>2. use divisibility rules for 3, 6 and 9 to find common factors of numbers; and<br>3. appreciate the use of divisibility rules to find common factors of numbers. | Divisibility Rules for<br>3, 6, and 9 | F. Developing Mastery<br>(Lead to Formative Assessment) | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4 | 1. identify numbers that are divisible by 3, 6 and 9;<br>2. use divisibility rules for 3, 6 and 9 to find common factors of numbers; and<br>3. appreciate the use of divisibility rules to find common factors of numbers. | Divisibility Rules for<br>3, 6, and 9 | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 5 | 1. identify numbers that are divisible by 3, 6 and 9;<br>2. use divisibility rules for 3, 6 and 9 to find common factors of numbers; and<br>3. appreciate the use of divisibility rules to find common factors of numbers. | Divisibility Rules for<br>3, 6, and 9 | H. Generalization<br><br>I. Evaluating Learning | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 5 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 1 | | Learning Area | SCIENCE |
| MELCs | Use the properties of materials whether they are useful or harmful | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | • identify the different properties of matter that can help you determine whether it is harmful or useful; | Useful and Harmful Materials | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in SCIENCE 5 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | • enumerate useful and harmful materials at home and in school; and | Useful and Harmful Materials | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | • enumerate useful and harmful materials at home and in school; and | Useful and Harmful Materials | F. Developing Mastery (Lead to Formative Assessment) | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 4 | • explain the importance of labels in identifying useful and harmful materials | Useful and Harmful Materials | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 5 | • explain the importance of labels in identifying useful and harmful materials | Useful and Harmful Materials | H. Generalization<br><br>I. Evaluating Learning | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |